

CalRx® Insulin Abot-kaya para sa lahat ng taga-California



Ang CalRx® Insulin Glargine ay mabibili na ngayon sa halagang \$55 para sa isang 5 pakete ng 3 mL na mga panulat.¹

Nagbibigay ang CalRx sa mga taga-California ng **abot-kayang opsyon sa insulin** na inaprubahan ng Tangangasiwa ng Estados Unidos sa Pagkain at Gamot (US Food and Drug Administration). Sa pakikipagtulungan sa **Civica**®, ibinababa ng CalRx ang halaga ng insulin na tumutulong sa mas maraming indibidwal na makakuha ng gamot na kailangan nila. Ang CalRx® Insulin Glargine ay nagkakahalaga lamang ng \$55 para sa isang 5-pakete ng 3 mL na panulat nang walang seguro. Maaaring mas mababa ang presyo mo kung may seguro. Tanungin ang iyong seguro kung ano ang sakop at magkano ang halaga nito.

Ano ang CalRx® Insulin Glargine?


Ang CalRx® Insulin Glargine-yfgn ay isang pangmahabang-epekto na insulin na ginagamit sa paggamot ng diabetes. Naglalaman ito ng parehong aktibong sangkap at gumagana tulad ng Lantus®. Maaaring palitan ng mga parmasyutiko ang CalRx® ng Lantus® sa counter ng parmasya gamit ang iyong kasalukuyang reseta ng insulin.

Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o parmasyutiko tungkol sa paglipat sa CalRx® Insulin Glargine ngayon!



I-scan ang QR code o bisitahin [ang CivicInsulin.org](https://calrx.ca.gov/biosimilar-insulin-initiative/)

Kumuha ng karagdagang impormasyon, magtanong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o bumisita sa website ng CalRx sa <https://calrx.ca.gov/biosimilar-insulin-initiative/>



¹Ang CalRx® Insulin Glargine na mga panulat ay mabibili sa Enero 1, 2026, sa anyong panulat lamang (ang mga vial ay mabibili sa kalaunang petsa).

Ang flyer na ito ay ibinigay para sa layuning pang-impormasyon lamang. Kumonsulta sa iyong doktor tungkol sa pamamahala ng iyong diabetes.